Umiiral at planadong mga hakbang
sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi

Konseho ng Industriya ng Konstruksyon

Ang mga pangunahing tungkulin ng Konseho ng Industriya ng Konstruksyon (na pinangalanan bilang "CIC" sa ibaba) ay ang pagbuo ng pinagkasunduan sa pangmatagalang mga pang-estratehiya na isyu, paghatid sa mga pangangailangan at hangarin ng industriya sa Pamahalaan, pati na rin pagbibigay ng isang paraan ng komunikasyon para sa Pamahalaan upang humingi ng payo sa lahat mga bagay na nauugnay sa konstruksyon. Upang maipalaganap ang mga pagpapabuti sa buong industriya, ang CIC ay binigyan ng kapangyarihan upang magbalangkas ng mga pamantayan ng paggawi, tumulong ng pagpaparehistro at pagmamarka sa mga scheme, manguna sa pasulong na pananaliksik at pagpapaunlad sa mga manggagawa, mapadali ang pagpapatibay ng mga pamantayan sa konstruksyon, itaguyod ang mga mabuting kasanayan at magtipon ng mga indikator ng pagganap.

Taun-taon sinasanay ng CIC ang halos 60 000 na mga manggagawa sa konstruksyon, kabilang ang mga manggagawa mula sa iba't ibang lahi, sa pamamagitan ng mga buong programa, mga part-time na programa at mga Pagtutulungan na Pagsasanay. Bukod dito, ang CIC ay nagbibigay din ng mga pagsusuri sa kalakalan sa mga manggagawa sa konstruksyon (kabilang ang mga pagsusuri sa sibil at konstruksyon ng gusali, mga pagsusuri sa elektrikal at mekanikal na may kaugnayan sa konstruksyon at mga pagsusuri para sa sertipikasyon para sa mga makinarya at operasyon ng crane).

Mga Serbisyo na Kasama

- Ang CIC ay nangangako sa paglikha ng isang kapaligiran sa trabaho at pamumuhay na nagbibigay ng pantay na oportunidad, at malaya sa anumang diskriminasyon, panggugulo at paninirang-puri para sa lahat ng mga empleyado nito, mga nagsasanay, mga bisita at ng publiko.

- Sa ilalim ng Seksyon 29 ng Ordinansa ng Konseho ng Industriya ng Konstruksyon, pinagtibay ng CIC ang "Lupon ng Pagsasanay sa Industriya ng Konstruksyon" para magbigay ng mga kurso sa pagsasanay at mga serbisyo sa pagsusuri sa kalakalan para sa industriya ng

konstruksyon.

Mga Umiiral na Hakbang

Polisiya

- Binalangkas ng CIC ang Polisiya nito sa Pantay na Oportunidad para matiyak na ang lahat ng mga empleyado ay walang gagawing diskriminasyon, panggugulo o paninirang-puri sa sinumang iba pang mga empleyado ng CIC, mga mag-aaral, mga bisita, o sinumang mga gumagamit sa serbisyo ng CIC. Ang Polisiya sa Pantay na Oportunidad ay inindorso ng CIC at ipinalabas sa lahat ng mga kawani ng CIC.

Pagsasanay sa mga Kawani

- Ang CIC ay nagsasaayos ng regular na mga curso ng pagsasanay sa Pantay na mga Oportunidad sa paherong nasa harapan na mga kawani at mga kawani sa pamamahala para isulong ang Polisiya sa Pantay ng Oportunidad nito. Ang mga Kinatawan ng Komisyon ng Pantay na mga Oportunidad (EOC) ay magbabahagi sa mga kawani ng CIC ng Ordinansa sa Discriminasyon sa Lahi na may pagtuon sa mga bahagi na may kaugnayan sa mga bokasyonal na pagsasanay.

Pagsasanay at mga Serbisyo sa Pagsusuri sa Kalakalan para sa mga Taong mula sa Iba't Ibang Lahi

- Kasalukuyang nag-aalok ang CIC ng 5 full-time na mga maikling kurso sa Ingles upang sangkapan ang mga nagsasanay na gustong na ipagpatuloy ang isang karera sa industriya ng konstruksyon na may mga tiyak na kasanayan sa trabaho. Ang mga mag-aaral ay makakatanggap ng pang-araw-araw na mga allowance sa kabuuan ng pagsasanay. Upang higit pang mapahusay ang mga serbisyo, ang CIC ay mangangalap ng karagdagang mga tagasalin upang tumulong sa paghahatid ng mga kurso sa pagsasanay.

- Kasalukuyang nag-aalok ang CIC ng 32 part-time na mga kurso na nauugnay sa kaligtasan sa Ingles upang mapahusay ang kamalayan sa kaligtasan ng mga hindi ng nagsasalita ng Intsik na mga in-service na manggagawa

sa konstruksyon.

- Ang CIC ay nagpalabas ng 5 na mga part-time na kurso sa ilalim ng "Mga Kurso sa Pagpapahusay ng Kasanayan para sa Etnikong Minorya" noong 2015 upang sanayin ang mga rehistradong pangkalahatang manggagawa upang maging rehistradong mga semi-skilled na manggagawa para sa mga kaugnay na mga kalakalan.

- Ang mga Ingles na pagsusuri ay magagamit para sa karamihan sa mga pagsusuri sa kalakalan at mga pagsusuri sa sertipikasyon para sa mga makinarya at operasyon ng crane. Pinapayagan din ng CIC ang mga kandidato na samahan ng mga tagasalin (isinaayos ng CIC) sa panahon ng pagsusuri.

  <u>Mga Promosyonal na Gawain</u>

- Ang CIC ay nagsasagawa ng mga sumusunod na promosyonal na gawain upang mahikayat ang mga taong mula sa iba't ibang lahi upang dumalo sa mga kurso ng pagsasanay at mga pagsusuri sa kalakalan na inorganisa:

  - Regular na mga pagbisita sa mga in-service na manggagawa na may iba't ibang lahi;

  - Ang mga gawain sa pag-abot sa mga taong mula sa iba't ibang lahi sa pamamagitan ng mga organisasyon na naglilingkod sa kanila at mga channel ng media na madalas nilang kinokontak; at

  - Makaranas ng mga programa para sa mga taong mula sa iba't ibang lahi, tulad ng mga pag-uusap sa karera, mga karnabal at pagtutugma ng trabaho na pagtitipon din ng mga pamilya, upang itaas ang kanilang pag-unawa sa industriya ng konstruksyon;

- Binuo ng CIC ang mga materyales sa pagtuturo ng Ingles para sa mga Liberal na Pag-aaral. Nakikipagtulungan ang CIC sa mga kaugnay na sekundaryong paaralan at mga di-pangpamahalaan na organisasyon na naglilingkod sa mga taong mula sa iba't ibang lahi upang hayaan ang kanilang mga mag-aaral na magkaroon ng mas masusing pag-unawa sa industriya ng konstruksyon.

Pang-serbisyong Pangkat para sa Etnikong Minorya

- Dahil sa dumaraming bilang ng mga manggagawa na mula sa iba't ibang lahi, itinatag ng CIC ang Pang-serbisyong Pangkat para sa Etnikong Minorya upang mapahusay ang mga serbisyo nito at sumuporta sa mga taong mula sa iba't ibang lahi, kabilang ang:
  - Madalas na pagbisita sa mga kaugnay na organisasyon at komunidad upang maitaguyod ang mga serbisyo ng CIC;
  - Pagsasalin sa papel ng pagsusulit sa pagsusuri sa kalakalan patungo sa mga wika na ginagamit ng mga taong mula sa iba't ibang lahi;
  - Pagbibigay ng serbisyo sa interpretasyon at pagsasalin sa mga kandidato at mag-aaral; at
  - Pagsasaayos at pakikilahok sa mga aktibidad upang maisulong ang mga serbisyo ng CIC.

Pagsusuri sa Trabaho sa Hinaharap

- Sinusuri ng CIC ang Pang-serbisyong Pangkat para sa Etnikong Minorya sa bawat taon.
- Ang CIC ay magpapatuloy sa pagbibigay ng pinakabagong impormayon sa mga kawani at mga mag-aaral nito para madagdagan ang kanilang kamalayan at pagiging sensitibo sa pagkapantay-pantay sa lahi.
- Ang CIC ay patuloy na susuriin ang pangangailangan at pagiging epektibo ng mga kurso sa itaas.
- Ang CIC ay magpapatuloy sa pagkuha ng mga opinyon mula sa mga grupo ng mga taong mula sa iba't ibang lahi sa kasalukuyang mga hakbang at sumuporta sa mga serbisyo na may kaugnayan sa pagsasanay sa konstruksyon at pagsusuri ng kalakalan, at magpapaunlad ng mga kurso at mga serbisyo bilang sagot sa kanilang mga pangangailangan.

Karagdagang mga Hakbang na

Probisyon ng mga kurso at mga pagsusuri ng kalakalan

- Isasaalang-alang ng CIC ang pag-aalok ng iba pang

Gagawin/Kailangan na Gawin	naaangkop na mga kurso at mga pagsusuri sa kalakalan sa Ingles kung kinakailangan ito sa hinaharap.

<u>Papel ng Pagsusuri sa Kalakalan sa mga Wika na Ginagamit ng mga Taong mula sa Iba't Ibang Lahi</u>

- Ilunsad ang piloto na scheme para magbigay ng mga papel ng pagsusuri sa kalakalan sa tatlong mga wika (hal., Nepali, Hindi at Urdu) para sa mga kalakalan na mas sikat sa mga taong mula sa iba't ibang lahi. Isasaalang-alang ng CIC ang pagsasalin ng iba pang mga papel ng pagsusuri sa tatlong binanggit na mga wika.

<u>Sub-committee sa mga Etnikong Minorya sa Konstruksyon</u>

- Ang CIC ay bumuo ng Sub-committee sa Etnikong Minorya sa Konstruksyon para itaguyod ang industriya ng konstruksyon sa mga taong mula sa iba't ibang lahi at magpapatuloy sa pagpapahusay sa mga serbisyo ng CIC.

Para sa mga katanungan tungkol sa umiiral at planadong mga hakbang sa pagtataguyod sa pagkakapantay sa lahi, mangyaring makipag-ugnayan sa the namamahalang opisyal:

Numero ng Telepono	:	(852) 2100 9000
Kontak	:	Pang-serbisyong Pangkat para sa Etnikong Minorya Ms. Anna Ng
Numero ng Fax	:	(852) 2100 9249
Email	:	emservice@cic.hk
Postal na Adres	:	38/F, COS Centre, 56 Tsun Yip Street, Kwun Tong, Kowloon, Hong Kong.

Konseho ng Industriya ng Konstruksyon
Mayo 2026